


Filipino

Kwarter 3 - Modyul 5

**Nagagamit nang Wasto ang Pang-angkop
(-ng, -g at na) sa Pangungusap at
Pakikipagtalastasan**

**Nagagamit nang Wasto at Angkop ang
Simuno at Panaguri sa Pangungusap**



**Filipino –Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Ikatlong Markahan-Modyul 5: Nagagamit nang Wasto ang Pang-angkop (-ng, -g at na) sa Pangungusap at Pakikipagtalastasan Nagagamit nang Wasto at Angkop ang Simuno at Panaguri sa Pangungusap
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Rey Antoni S. Malate	
Editor:	Laila C. Namoro	
Tagasuri:	Rechie O. Salcedo	
Tagaguhit:	Jerome R. Guadalupe	Mark Anthony O. Taduran
Tagalapat:	Rey Antoni S. Malate	Analyn J. Madera
Tagapamahala:	Gilbert T. Sadsad Grace U. Rabelas Nora J. Laguda Belen B. Pili	Francisco B. Bulalacao Ma. Leilani R. Lorico Jerson V. Toralde Rechie O. Salcedo

Inilimbag sa Filipinas ng Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Mobile Phone: 0917 178 1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Filipino

Kwarter 3- Modyul 5

**Nagagamit nang Wasto ang Pang-angkop (-
ng, -g at na) sa Pangungusap at
Pakikipagtalastasan**

**Nagagamit nang Wasto at Angkop ang
Simuno at Panaguri sa Pangungusap**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

Aralin 1

Nagagamit nang Wasto ang Pang-angkop (-ng, -g at na) sa Pangungusap at Pakikipagtalastasan Nagagamit nang Wasto at Angkop ang Simuno at Panaguri sa Pangungusap



Alamin

Kumusta ang pakikipag-ugnayan mo sa iyong mga kaibigan, mga magulang, at kapatid?

Mahalaga ang pakikipag-ugnayan natin sa iba gaya ng wastong ugnayan ng mga salita sa pangungusap at sa ating pakikipagtalastasan.



Kapag malinaw at wasto ang ating mga salita, higit kang mauunawaan ng iyong kausap at iyan ang tuon ng ating aralin ngayon, kaya't tara na, simulan na natin ang aralin!



Sa modyul na ito, inaaasahan na:

1. Nagagamit nang wasto ang pang-angkop (-ng, -g, at -na) sa pangungusap at pakikipagtalastasan; at
2. Nagagamit nang wasto at angkop ang simuno at panaguri sa pangungusap.



Subukin

Subuking gawin ito.

A. Panuto: Gamitin ang mga pang-angkop sa ibaba na bubuo sa kahulugan ng pangungusap sa liham. Isulat sa papel ang iyong sagot.



-g
-ng
-na

Lirio St. Diliman,
Lungsod Quezon
Ika-1 ng Hunyo 2020

Mahal kong Kuya Danny,

Kumusta po? Nabalitaan kong maging diyan sa probinsiya ay nagpatupad ng ‘community quarantine’ bilang paraan ng pagpigil sa pagkalat ng nakahahawa_____ (1) sakit na Covid-19. Kami ay pinayuhan_____ (2) manatili sa loob ng bahay upang hindi mahawa ng sakit. Bagama’t mahirap ang ganitong sitwasyon ay maayos pa naman ang aming kalagayan. Sinisikap namin _____ (3) gawing makabuluhan ang pananatili sa loob ng bahay. Nagpapaturo akong magluto at gumawa ng mga gawain_____ (4) bahay. Sinisikap ko rin po na pagbutihin ang aking pagbabasa. Higit sa lahat ay sama-sama po kami_____ (5) nagdadasal upang humingi ng tulong sa Diyos na matapos na itong pandemya. Mag-iingat po kayo diyan.

Lubos _____ (6) gumagalang,

Angelika O. Iraola

B. Panuto: Gamitin ang angkop na simuno at panaguri sa loob ng kahon upang mabuo ang pangungusap. Isulat ang sagot sa nakalaang patlang sa iyong sagutang papel.

1. Si Nanay Rosa ay _____.
2. _____ ay pupunta sa *Manila Zoo*.
3. Ang buhay ng tao ay _____.
10. Matinong mag-aaral si Mario_____.

Ang mag-anak
kaya maraming humahanga sa kaniya
magaling manahi
sadyang mapaglaro

Binabati kita! Natapos mo ang unang pagsubok.
Alamin natin sa **pahina 15 ang** wastong sagot.

Saang antas ka nabibilang?

9-10 tamang sagot – NAPAKAHUSAY

6-8 tamang Sagot – MAGALING

3-5 tamang sagot –PAGBUTIHAN PA

0-2 tamang sagot – KAYA MO IYAN





Balikan

Magbalik-aral ka.

Naalala mo pa ba ang pagbibigay ng reaksiyon sa isang napapanahong isyu?

Panuto: Sa tulong ng iyong tagapag-alaga, pakinggan ang kanilang opinyon hinggil sa isyu na nasa ibaba. Mula sa napakinggang opinyon, bumuo ng iyong sariling paliwanag sa bawat panig sa magalang na paraan. Kopyahin ang talahanayan sa iyong sagutang papel.

1. “Modyular na Pag-aaral: Sagot sa Mabisang Pagkatuto?”

Sang-ayon	Hindi Sang-ayon



Tuklasin

Magsimula ka rito. Basahin mo ang maikling usapan ng magkaibigang Rene at Rosa.

Nagboluntaryong tumulong sa pagkabit ng mga *poster* at mga anunsiyo tungkol sa pagpapanatili ng kalinisan sa kanilang paaralan sina Rene at Rosa. Narito ang kanilang usapan tungkol sa kanilang gagawin.

Rosa, saan kaya sa tingin mo magandang ilagay ang mga *poster*?

Tama! Ako ay sang-ayon sa iyong mungkahi. Ilagay natin sa may tabi ng poste itong isa.

Sige, siguradong matutuwa si *Ma'am* kapag maayos nating maikabit ang mga ito.



Sa palagay ko Rene angkop na ilagay iyon sa mga lugar **na** madaling makita.

Ilagay naman natin sa may *bulletin board* itong isa.

Tara na! Simulan **na** natin ang pagkakabit ng mga *poster* at iba pang anunsiyo.



Ano ang masasabi mong katangian ng magkaibigan?

Tama ba ang ginawa nilang mga hakbang?

Nararapat bang tularan ang ginawa ng magkaibigan?



Suriin

- Balikan ang usapan ng magkaibigang Rene at Rosa. Pansinin ang pangungusap na ito.

“Ako ay sang-ayon sa iyong mungkahi.”

1. Ano ang tawag natin dito?
 2. Ano ang dalawang bahagi ng pangungusap?
 3. Ano ang simuno?
 4. Ano naman ang panaguri?
 5. Anong bahagi sa pangungusap sa itaas ang simuno?
 6. Anong bahagi sa pangungusap sa itaas ang panaguri?
- Balikan muli natin ang usapan ng magkaibigang Rene at Rosa. Pansinin ang mga nakaitim na titik sa bawat pangungusap.

1. “Rosa, saan kaya sa tingin mo magandang ilagay ang mga poster?”

- **Ano ang titik bago ang nakaitim na kataga?**

Ang titik bago ang nakaitim na kataga ay a.

- **Paano napag-ugnay ang simuno at panaguri sa pangungusap?**

Ginagamit ang **ng** kapag ang unang salita ay nagtatapos sa patinig gaya ng (*a, e, i, o at u*).

2. “Sa palagay ko Rene angkop na ilagay iyon sa mga lugar **na** madaling makita.”

- **Ano ang titik bago ang nakaitim na kataga?**

Ang titik bago ang nakaitim na kataga ay r.

- **Paano napag-ugnay ang simuno at panaguri sa pangungusap?**

Ginagamit ang **na** kapag ang unang salita ay nagtatapos sa katinig maliban sa *-n*.

3. “Sige, siguradong matutuwa si Ma’am kapag maayos nating maikabit ang mga ito. “

- **Ano ang titik bago ang nakaitim na kataga?**

Ang titik bago ang nakaitim na kataga ay n.

- **Paano napag-ugnay ang simuno at panaguri sa pangungusap?**

Ang **g** ito ay idinudugtong kapag nagtatapos sa *-n* ang salita.

Ano ang mahahalagang impormasyon ang iyong nalaman?
Makatutulong kaya ang mga ito sa iyong pag-aaral?
Itiman ang puso sa ibaba ayon sa antas ng iyong pagkaunawa.

Lubos na naunawaan

Naunawaan

Naguluhan

Lagi mong tatandaan...

Ang **pang-angkop** ay mga katagang nag-uugnay sa dalawang salita upang maging madulas o tuloy-tuloy ang pagbigkas nito.

Narito ang mga pang-angkop na maaaring gamitin sa pangungusap at sa pakikipagtalastasan.

- **na** = ginagamit ito kapag ang unang salita ay nagtatapos sa katinig maliban sa *-n*.
Halimbawa: masipag **na** doktor, mabigat **na** sako ng bigas
- **ng** = ginagamit ito kapag ang unang salita ay nagtatapos sa patinig gaya ng (*a, e, i, o at u*).
Halimbawa: masayang**ng** pamilya, malayong**ng** lugar
- **g** = ito ay idinudugtong kapag nagtatapos sa *-n* ang salita.
Halimbawa: balong**g** malalim, mayamang**g** pamilya



Ang **pangungusap** ay binubuo ng dalawang bahagi na kadalasang ginagamitan ng pang-angkop.

- **Simuno** = ang paksang pinag-uusapan sa pangungusap.

- **Panaguri** = bahaging nagsasaad tungkol sa simuno.

Halimbawa:

Si Jose Rizal ay tinuruang bumasa ng kaniyang ina.

simuno

pang-angkop

panaguri



Pagyamanin

A. Panuto: Ipagpatuloy ang pagsasanay. Piliin ang wastong simuno o panaguri mula sa talaan sa ibaba upang mabuo ang pangungusap at pang-angkop na: **ng, g, at na** na ilalagay sa loob ng kahon sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Dala-dala niya ang mabigat _____.
2. _____ liham para sa kanyang kaibigan.
3. _____ artista.
4. Isa ito tanyag _____.
5. _____ sa buwan maliwanag.

Ngumiti sa kanya ang sikat	pasyalan sa Bikol
Kagabi ay natuwa ako	<i>bag</i> patungo sa paaralan
Sumulat siya ng mahaba	

B. Panuto: Basahin mong mabuti ang usapan at punan ang patlang ng wastong pang-angkop. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Nanay : Halika, Jingjing tuturuan kita____ (1) magluto ng masarap na gulay.
Jingjing : Sige po, nanay. Gustong-gusto ko____(2) matuto.
Nanay : Ang lulutuin natin ay Torta____ (3) talong.
Jingjing : Paano po ang pagluluto niyan?
Nanay : Madali lang. Hugasan____ (4) mabuti ang talong, bago hiwain. Tanggalin ang mga balat nito. Haluan ng binating itlog na may kaunting asin. Pagkatapos, iprito sa kaunting mantika.
Jingjing : Wow! Ang sarap ng ulam ko. Sa susunod, iba____ (5) ulam naman po.

Criselda T. Taduran, F4,Q3,M3, Tulay



Isaisip

A. Panuto: Ipaliwanag ang dalawang bahagi ng pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa loob ng kahon.

Simuno

Panaguri

B. Panuto: Kumpletuhin ang pahayag.

Ang pang-angkop ay _____



Isagawa

Mahusay mo nang nagagamit ang pang-angkop na **(-g, -ng at -na)** sa pangungusap kung kaya't gawin mo na ang sunod na pagsasanay. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Kumusta ka, Carol?
Mukha___ (1) masaya ang araw mo ngayon ah.

Tama ka, Ben.
Masaya___(2)-masaya ako ngayon dahil umuwi na ang aking mga magulang mula sa ibang bansa.

Saan___ (3) bansa ba galing ang mga magulang mo? Siguro ay mapagmahal ___ (4) magulang ang nanay at tatay mo kaya't masayang-masaya ka na nakauwi na sila.

Sang-ayon ako sa sinabi mo, Alvin. Sa tingin ko ay mabubuti___ (5) magulang ang nanay at tatay mo Carol.



Tayahin

Hanggang saan na ba ang iyong kahusayan sa paggamit nang wasto ng mga pang-angkop sa pangungusap at pakikipagtalastasan? Sige, tingnan mo kung talagang natutuhan mo na ang wastong paggamit ng pang-angkop.

A. Panuto. Tukuyin ang mga kagamitan na maaaring gamitin upang mapanatili ang pakikipag-ugnayan sa iba. Gamitin ang mga pang-angkop na *-g*, *-ng*, at *-na* upang pag-ugnayin ang mga salita na katapat ng larawan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.




1. © 2011 by Department of Education - Manila
Source: lrmds.deped.gov.ph/create/detail/15

matalas _____ lapis



2. © 2011 by Department of Education - Manila
Source: lrmds.deped.gov.ph/create/detail/616

makabago _____ teknolohiya



3. © 2011 by Department of Education - Manila
Source: lrmds.deped.gov.ph/create/detail/96

malinis _____ papel



4. © 2011 by Department of Education - Manila
Source: lrmds.deped.gov.ph/create/detail/96

maayos _____ telepono

B. Panuto. Dugtungan ng angkop na simuno o panaguri tungkol sa pagbabasa ng aklat ang mga pahayag na nasa ibaba upang makabuo ng makabuluhang pangungusap. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Ang pagbabasa ng aklat _____

2. Maraming impormasyon _____

3. Patuloy na magbabasa. _____

4. Tayong lahat _____

5. Ang bawat mag-aaral _____

Malugod na pagbati! Napagtagumpayan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Pagtibayin mo pa ang iyong natutuhan sa pagsagot sa karagdagang gawain.





Karagdagang Gawain

Gamitin sa sariling pangungusap ang mga salitang pinag-ugnay upang makabuo ng isang talata na may angkop na simuno at panaguri.

1. masayang pamilya
2. nagtatrabahong mahusay
3. handang umagapay
4. gawaing bahay
5. Poong Maykapal

Sa wakas ay narating mo ang dulo ng aralin. Ang saya-saya ko at napagtagumpayan mo ang mga pagsasanay at gawain.

Ang husay mo, bata!





Susi sa Pagwawasto

Karagdagan Gawin: (halimbawang sagot, tanggapin ang iba-ibang sagot)

Ang isang masayang pamilya ay kapuri-puri. Ito ay binubuo ng nagkakaisang mag-anak. Mayroong tatay na nagtratrahong mahusay para sa pangangailangan ng kanyang pamilya. Isang nanay na laging handang umagapay sa kanyang mga anak. Ang mga anak ay nagtutulungan lagi sa mga gawing bahay. Hindi rin nila nakakalimutan ang magdadal sa Poonng Maykapal sa araw-araw upang magpasalamat.

B. (iba-iba ang sagot)

- A. 1. na 2. -ng 3. na 4. n

Tayahin:

1. ng 2. ng 3. g 4. na 5. ng

Isagawa:

Simuno – ang paksa ng pinag-uusapan
Panaguri – bahaging nagsasagot tungkol sa simuno

Isaisip:

- A.
1. **na** bag patungo sa paaralan
2. Sumulat siya ng mahaba **ng**
3. **Ngumiti** sa kanya ang sikat **na**
4. **ng, na** pasyalan sa Bikol
5. **Kagabi** ay natuwa ako **na**
B.
1. ng
2. ng
3. ng
4. g
5. ng

Payamanin

1. Pangunusap
2. Simuno at panaguri
3. Ang paksa ng pinag-uusapan sa pangunusap
4. Ito ay bahaging nagsasagot tungkol sa simuno
5. Ako
6. Sang-ayon sa iyong mungkahin

Surin:

Ang sagot ay batay sa panig ng mag-aaral.	Nagpapakita ng mga patunay at dahilan.
Sang-ayon	Hindi Sang-ayon

Balikan:

- A.
1. ng
2. g
3. g
4. g
5. ng
6. na
B.
7. magaling mananahi
8. Ang mag-anak
9. sadyang mapaglaro
10. kaya maraming humahanga sa kanya

Subukin:

Sanggunian:

Illustrations(2013,October,30)sharpened_pencil.png.lrmds.deped.gov.ph/create/detail/15

Illustrations(2013,November,7)phone_sign_dpi.png.lrmds.deped.gov.ph/create/detail/616

Illustrations(2014,January,24)icon_computer.png.lrmds.deped.gov.ph/create/detail/96

DLP(2019)Filipino4_quarter3_week6_day3

Lalunio, L. at Gil, F. (2010). *Hiyas sa wika 4* (Binagong Edisyon). Quezon City: LG & M Corporation.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph